OFFICE OF ARTS & CULTURE
CITY OF SEATTLE

Mga Alituntunin ng CityArtist 2024

Pangkalahatang-ideya ng Grant

Ang programa ng CityArtist grant ay sumusuporta sa mga indibidwal na artista/tagapangasiwa na nakabase sa Seattle sa pagsasaliksik, pagpapaunlad, at pagtatanghal ng isang malikhaing pakikipagsapalaran. Ang aplikasyon para sa 2024 ay bukas sa **Pampanitikan, Media/Digital/Pelikula** (kabilang **ang Screenwriting),** at **Biswal** na sining. Ang mga iginawad na artista ay kinakailangan na maghandog ng pampublikong pagtatanghal sa loob ng mga limitasyon ng lungsod ng Seattle.

Ang CityArtist ay sinusuportahan ang mga artista, manlilikha, at tagapangasiwa na nasa sentro ng sektor ng kultura. Ang Pinansyal na Suporta para sa mga malikhaing negosyante ay nag-aambag sa mas malawak na ekonomiya at kalidad ng buhay sa mga kapitbahayan sa buong Lungsod.

Para sa Impormasyon at Tulong sa Aplikasyon, Pagiging Karapat-dapat o On-Line na Teknikal na Suporta: Makipag-ugnayan sa Tagapamahala ng Proyekto na si Irene Gómez sa (206) 684-7310 o irene.gomez@seattle.gov.

Aplikasyon Ang aplikasyon ay isinusumite ONLINE. Ang aplikasyon ay makukuha sa pamamagitan ng portal ng grant ng Lungsod ng Seattle sa FLUXX sa https://seattle.fluxx.io/user_sessions/new Kung kayo ay walang computer o access sa internet, tawagan ang kawani sa lalong madaling panahon.	**Pagbubukas** Marso 28, 2023 – 8 a. m. (Pasipiko) **Huling araw** Mayo 9, 2023 – 5 p. m. (Pasipiko)
Mga Sesyon ng Impormasyon: **Workshop 1** Martes, Abril 11, 11:30 a. m. - 1:30 p.m. (Pasipiko) RSVP **Workshop 2** Martes, Abril 18, 3 – 5 p. m. (Pasipiko) RSVP	**Mga Sesyon ng Pagsusuri ng Draft ng Aplikasyon:** **Pagsusuri ng Draft 1** Martes, Abril 25, 1 – 5 p. m. (Pasipiko) RSVP **Pagsusuri ng Draft 2** Martes, Mayo 2, 1 – 5 p. m. (Pasipiko)

RSVP

Mga Oras ng Telepono ng Opisina
Miyerkules, Marso 29 - Mayo 3, 3-5 p. m.
(Pasipiko)

Pagpopondo

Kayo ay pipili ng isa sa tatlong halaga: $2,000, $5,000 o $8,000.

Pagiging Karapat-dapat/mga Kinakailangan

Kayo ay kwalipikado para sa grant na ito kung natutugunan ninyo ang pamantayan na ito:

- Kayo ay generatibong artista/tagapangasiwa na lumilikha/nag tatanghal ng sining;
- Kayo ay residente ng Seattle O may permanente na istudyo/espasyo ng trabaho sa inyong pangalan sa loob ng mga limitasyon ng lungsod ng Seattle kung saan kayo tumatanggap ng koreo. Hindi ito maaaring maging P. O. Box*;
- Kayo ay hindi bababa sa 18 taong gulang bago ang deadline ng aplikasyon;
- Kayo ay isang indibidwal na artista/tagapangasiwa na gumagawa ng orihinal na nilalaman o kayo ang nangungunang artista/tagapangasiwa ng isang pangkat ng mga artista/tagapangasiwa
    - Kung ang aplikante ay ang pangunahing artista/tagapangasiwa ng isang sining o kultural na pangkat/organisasyon
- Malinaw ninyong nakikilala ang gawain para sa gawad na ito mula sa nagpapatuloy/pana-panahon na gawain ng organisasyon.

Kayo ay hindi kwalipikado para sa grant na ito kung:

- Kayo ay nagpatala sa isang paaralan (mataas na paaralan, undergraduweyt, graduweyt, o doktoral) sa anumang degree program na nauugnay sa inyong artistikong trabaho o karera;
- Kayo ay kasalukuyan na tumatanggap ng parangal mula sa isa pang mga programa namin na may aktibong kontrata.

Pamantayan sa Pagsusuri

Ang mga panukala ay susuriin batay sa tatlong (3) pamantayan. Amin kayong hinihikayat na tumugon sa mga pamantayan na ito sa inyong mga materyales sa aplikasyon. Ang bawat pamantayan sa ibaba ay sinuri sa **katumbas na halaga** para sa kabuuang 60 puntos.

Karanasan at Potensyal (20 Puntos)

- Ibahagi kung ano ang nagbibigay inspirasyon, nakakaimpluwensya o humuhubog sa inyong gawain at/o kung ano ang nag-udyok sa mga pagbabago sa inyong pagsasanay.
- Ilarawan ang inyong mga uri ng karanasan, pagsasanay, kasaysayan o gawain bilang isang artista o tagapangasiwa.

Artistikong Paglago at Pananaw (20 Puntos)

- Malinaw na iparating ang pag-unlad ng inyong sukat, tema, o pamamaraan sa paglipas ng panahon. Ipahiwatig kung anong mga paglukso o paggalugad ang kinuha o susunod na gagawin.

Katawan ng Gawain (20 Puntos)

- Ipakita kung paano ang inyong mga sampol na gawain ay sumasalamin sa mga salaysay na tugon, antas ng kasanayan o susunod na landas. Ang inyong mga sampol ng gawain ay nababasa, naririnig, at/o nakapokus/nakikita.

Balangkas at mga Bahagi ng Aplikasyon

Ang aplikasyon ay nakatuon sa inyong artistang pagsasanay, mga ideya, at paglago sa paglipas ng panahon. Tatlong pangunahing bahagi ng aplikasyon ay kinabibilangan ng:

- Dalawang Salaysay na Tanong na nagsasabi ng isang kuwento tungkol sa kung paano kayo at ang inyong mga gawain ay umunlad sa paglipas ng panahon.
- Resumé na naglilista ng kasaysayan ng inyong mga naisagawa, kalakip ang mga pagsasanay, mga kaganapan, pagtuturo/mga lektura, mga pagiging residente, mga artikulo, atbp.
- Sampol ng (mga) Gawa gawain na sumusuporta sa mga salysay na tugon at resume.